




Ako si Diwata-1

ANG PAGLALAKBAY

Kuwento ni:
KATRINA MINA

Guhit ni:
ERICKA PICAR-MABINI





Ipinanganak si Diwata-1 sa kalawakan. Tandang-tanda pa niya noong unang beses niyang buksan ang kaniyang mga mata.

Madilim at malamig ang paligid, ngunit napakaraming bituin na kumukutikutitap sa paligid.

"Ganito pala sa kalawakan," bulong ni Diwata-1.

Ngunit kahit napakaganda ng mga bituin, ramdam pa rin ni Diwata-1 ang lamig. Sinubukang lumingon ni Diwata-1 sa paligid.




"Ano iyong liwanag?" tanong ni Diwata-1.

Pinihit ni Diwata-1 ang kaniyang katawan sa kanan at nabigla siya sa kaniyang nakita. Isang malaking bola ng liwanag!

"Hello! Ako si Diwata-1. Ano ang iyong pangalan?" sambit ni Diwata-1.

Ngumiti ang bola ng liwanag. Agad nawala ang lamig at napalitan ng init na tamang-tama lamang.

"Magandang umaga, Diwata-1. Ako si Araw. Kumusta ka?" masayang bati ni Araw.




Masayang nag-usap si Diwata-1 at si Araw. Ngunit napansin ni Diwata-1 na unti-unting gumagalaw ang kaniyang katawan papalayo kay Araw.

"Anong nangyayari, Araw? Bakit tila palayo ako ng palayo sa'yo?" nangangambang tanong ni Diwata-1.

Ngumiti lamang si Araw.

"Huwag kang malungkot Diwata-1, pangako magkikita pa tayo muli!"

Naguguluhan man, hinayaan na lamang ni Diwata-1 na anurin siya papalayo kay Araw. Sabi naman ni Araw ay muli silang magkikita.



Muling dumilim ang paligid. Maging ang mga bituin ay hindi maliwanagan ang kapaligiran. Hanggang sa lumingon muli si Diwata-1.

"Aba! May isa pang bola ng liwanag!" sigaw ni Diwata-1.

Ngunit di gaya ni Araw, mas malamlam ang liwanag na nagmumula dito.

"Hello! Ako si Diwata-1. Ano ang iyong pangalan?" malugod na pagbati ni Diwata-1 sa bola ng liwanag.


Ngumiti ang bola ng liwanag. Ang dating madilim na paligid ay umaliwalas.

"Magandang gabi, Diwata-1. Ako si Buwan. Kumusta ka?" pakilala ng bagong makakasama ni Diwata-1.

Tulad ni Araw, masayang kasama at kausap si Buwan.

"Nakita mo na ba si Daigdig, Diwata-1? Subukan mong lumingon at makikita mo siya," maligayang hayag ni Buwan.





Agad namang lumingon si Diwata-1 at muling nabigla sa kaniyang nakita.

"Oh! Ito pala si Daigdig! Punong-puno ng kulay puti, bughaw at luntian!" sabik na hayag ni Diwata-1.


"Hello, Daigdig! Ako si Diwata-1," masayang pagbati ni Diwata-1.

Di tulad ni Araw at Buwan, walang liwanag at init na nanggagaling kay Daigdig, ngunit napakatingkad naman ng kaniyang mga kulay.

Ang pagkakakilala ni Diwata-1 sa kaniyang bagong mga kaibigan na sina Araw, Buwan at Daigdig ay simula ng kanyang kwento ng paglalakbay sa kalawakan.

Kada ilang oras ay nakikita niya si Araw at si Buwan, at sa tuwing siya ay lilingon, makikita at makakausap niya si Daigdig.


Ngunit kahit masaya si Diwata-1 tuwing kausap niya ang mga bagong kaibigan, tila ba may kulang sa kaniya.



Si Araw ang nagbibigay ng init at liwanag sa mga umaga ni Daigdig. Si Buwan ay siyang nagbibigay liwanag sa madidilim na gabi ni Daigdig.



Naisip ni Diwata-1 na siya lamang ang walang ginagawa para kay Daigdig. Hanggang sa....




"Diwata-1!, Diwata-1!"

"Huh! Ano iyon?" Bulong ni Diwata-1 noong may marinig siyang tumatawag ng kaniyang pangalan. Agad na tumingin si Diwata-1 sa paligid.

"Diwata-1! Mukhang galing ang boses mula sa akin, mula sa mga tao!" sabi ni Daigdig.

Dali-daling lumingon si Diwata-1 para tignan ang mga karagatan at kalupaan ni Daigdig, pilit na hinahanap ang pinagmulan ng boses.

Hanggang sa muli niyang marinig ang kaniyang pangalan mula sa isang parte ng kalupaan. Isang maliit na puting bilog na nakatungtong sa isang gusali!



*“Diwata-1! Diwata-1! Maligayang bati,
Diwata-1. Ako si Antena!”*

Nagulat si Diwata-1 dahil alam nito ang kaniyang pangalan!

“Narito ako upang sabihin sa iyo ang iyong misyon,” sabik na sigaw ni Antena.

“Misyon!” Bulalas ni Diwata-1. *“Mayroon akong misyon, Antena?”*

“Oo naman! Pinadala ka sa kalawakan ng mga tao - mga Pilipino, upang bantayan ang kanilang kalupaan at karagatan.”

Walang mapaglagyan ang tuwa ni Diwata-1.
Mayroon siyang misyon! Para kay Daigdig!
Para sa mga tao!

Tulad ni Araw at ni Buwan at ni Daigdig.
Mayroon siyang misyon para sa mga tao, para sa mga Pilipino!


At iyon ang naging simula ng misyon ni Diwata-1.

Araw-araw gamit ang kaniyang mga matatalas na mata, binabantayan niya ang kalupaan at karagatan ni Daigdig para sa mga Pilipino.

Araw-araw sa loob ng napakahabang panahon, nakita ni Diwata-1 ang lahat ng magagandang tanawin ni Daigdig. Ngunit hindi lamang kagandahan ang nasaksihan ni Diwata-1. Sa tuwing may bagyo at iba pang kalamidad, tinutulungan ni Diwata-1 ang mga Pilipino na makita ang mga nangyayari sa kalupaan mula sa kalawakan.


Sa loob ng napakahabang panahon, malugod na ginampanan ni Diwata-1 ang kaniyang misyon.






Hanggang sa isang araw, unti-unting
napagod si Diwata-1. Unti-unting bumigat
ang kaniyang mga mata na tila ba'y inaantok.

*"Panahon na para umuwi ka sa amin,
Diwata-1,"* sabi ni Antena mula sa kalupaan.



Ngumiti si Diwata-1 sa kaniyang mga kaibigan sa huling pagkakataon. Malungkot man, alam niyang nagampanan niya ng mabuti ang kaniyang misyon. Hinayaan ni Diwata-1 na pumikit ang kaniyang mga mata.

"Maraming salamat, Diwata-1," sabi ni Daigdig.



**Unti-unting naglaho si Diwata-1.
Dito na natapos ang kaniyang misyon.**

Ganumpaman ay malaki ang pasasalamat ni Daigdig sa mga nagawa ni Diwata-1 para sa kaniya. Maraming naiwang mga alaala at larawan si Diwata-1 sa kanyang ilang taong paglalakbay sa kalawakan.

Ano na ang mangyayari ngayon?
Sino na ang magtutuloy ng misyon?

ABANGAN ANG SUSUNOD NA KAPANATA.